



ANG

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

# Bayan

Tomo XLVI Blg. 14  
Nobyembre 7, 2015  
www.philippinerevolution.net

Editorial

## Wakasan ang mga patakarang neoliberal!

Ang nalalapit na pulong ng mga lider ng mga kasapi ng Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) ay marapat na salubungin ng pinakamalakas na protesta ng sambayanang Pilipino. Dapat singilin ang APEC na ginamit bilang isa sa mga instrumento ng US at iba pang imperyalistang bansa mula pa 1993 upang isalaksak ang mga patakarang neoliberal.

Di pa napapantayan ang lupit ng hambalos at pinsalang idinulot ng mga patakarang neoliberal sa nagdaang tatlong dekada sa ekonomya ng Pilipinas at kabuhayan ng mamamayang Pilipino. Ito ang mga patakarang itinutulak at itinataguyod ng APEC, katuwang ng International Monetary Fund (IMF) at World Bank, maging ng General Agreement on Trade and Tariff (GATT) at World Trade Organization (WTO).

Nakatuon ang mga patakarang ito sa pagpapatindi ng pagsasamantala sa uring manggagawa at masang anakpawis, at sa pagbabaklas ng mga proteksyon sa pambansang patrimonya ng mga atrasadong bansang malakolonyal.

Ang mga patakarang neoliberal ay ipinatupad sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga gubyernong sunud-sunuran sa utos ng US mula pa noong unang bahagi ng dekada 1980. Wala ni isang rehimen ang kumilos nang taliwas sa utos ng imperyalismong US; bagkus ay nagpakitang-gilas pa ang mga ito kung sino ang makapag-iiwan ng pamana ng pinakamasugid na tagapagtaguyod ng neoliberalismo.


Lahat ng nagdaang

gubyrno ay nagpatupad ng malawakang liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan; pribatisasyon ng mga empresa at serbisyong panlipunan; deregulasyon at pagbibigay-laya sa mga kapitalistang namumuhunan para kumamkam ng maksimum na tubo; at mga hakbangin para sa denasyunalisasyon upang paburan ang pagpasok at operasyon ng mga dayuhang malalaking kapitalista.

Ibinaba o tuluyang binaklas ang mga taripa sa pag-aangkat ng mga kalakal, kasabay ng pag-alis sa limitasyon sa dami na pwedeng pumasok sa bansa na humantong sa pagtatambak ng labis na mga produkto sa bansa. Pinagtibay ang mga batas at kautusan

na pinalusot sa mga butas ng reaksyunaryong konstitusyong 1987 upang bigyan-daan ang mga dayuhang mamumuhunan na magmayari nang hanggang 100% ng mga empresang nagnenegosyo sa Pilipinas at dambungin ang yamang mineral at iba pang likas na yaman ng Pilipinas.

Binigyang-prayoridad ang mga patakarang para akitin ang dayuhang pamumuhunan. Binuksan ang malalawak na engklabo at nagbigay ng kaliwa't kanang insentibo para doon magtayo ng mga pabrika ang mga dayuhang namumuhunan. Pinairal doon ang mga patakarang pagbabawal sa pagbubuo ng unyon at iba pang mga paghihigpit. Labas-masok ang mga dayuhang kapitalistang namumuhunan.



Sa ilalim ng neoliberalismo, lalong naging walang-habas ang pagsasamantala sa mga manggagawa. Ipinatupad ang iba't ibang patakaran sa paggawa na nagbigay sa malalaking kapitalista ng buong-layang pagsamantalahan ang murang lakas-paggawa ng mga manggagawang Pilipino. Binaklas ang pambansang minimum na sahod at binigyang-daan ang kontraktwalisasyon at iba't ibang anyo ng pleksibleng paggawa. Ginamit ang mapanupil na mga instrumento ng estado para durugin ang organisadong lakas ng mga manggagawa.

Ang produksyon sa loob ng mga engklabo ay nakarugtong sa internasyunal na kadena ng produksyon ng mga korporasyong multinasyunal. Namumuhunan sila kung saan mura ang lakas-paggawa. Itinutulak nila ang mga neoliberal na patakaran para madaling makapaglipat-lipat ng kapital.

Ang produksyon sa loob ng mga engklabo ay walang kinalaman at hindi nag-aambag sa pag-unlad ng lokal na manupaktura at industriya. Katunayan, sa nagdaang tatlong

dekada, lumiit pa ang sektor ng manupaktura sa Pilipinas. Sa panahong ito, nakapako sa 15% ng kabuuang empleyo ang nasa sektor at nananatiling mahina ang kakayahan nitong lumikha ng bagong trabaho.

Ang bilang ng nalikhang bagong trabaho sa nagdaang limang taon ang pinakamababa sa nagdaang apat na dekada. Noong nakaraang taon, mas marami pa ang mga manggagawa na nangingibang-bayan kaysa nakahahapan ng trabaho sa loob ng bansa. Patunay ito ng tuluyang pagkalugmok ng lokal na ekonomya.

Puspusan ang pagpasok ng dayuhang malalaking kapitalista sa agribisnes. Patuloy na pinalalawak ang malalaking plantasyon at lupang kontrolado ng dayuhang malalaking kumpanya tulad ng Dole at Del Monte. Itinutulak rin ng mga ito ang kumbersyon ng malalawak na lupain para pagtamnan ng *oil palm*. Sa kabilang panig, kulang na kulang ang lokal na produksyon ng palay na humantong na sa lumalaking tau-nang pag-aangkat ng bigas.


Alinsunod sa neoliberalismo, kinaltasan ang badyet para sa mga serbisyong panlipunan tulad sa edukasyon at kalusugan at mga pampublikong yutiliti at imprastruktura at isinailalim ito sa pribatisasyon. Sa halip na serbisyo at kagalingang panlipunan, ang serbisyo sa tubig at kuryente, pati na mga ospital at paaralan, mga kalsada at tren, ay pinatakbo sa ngalan ng tubo. Lalo itong naging pabigat sa mamamayang Pilipino.

Lalong lumubha ang mga problema ng malawakang dis-empelyo, mababang sahod, kontraktwalisasyon at iba pang malupit na anyo ng pagsasamantala sa mga manggagawa, pagsirit ng presyo ng mga bilihin, pangangamkam ng lupa, kakulangan at pagkabulok ng mga serbisyong panlipunan at iba pang suliraning tuwirang idinulot ng mga patakarang ito.

Dapat singilin ng sambayanang Pilipino ang imperyalismong US, ang lahat ng instrumento nito ng paghahari tulad ng APEC at lahat ng mga papet na rehimen sa pagpapatupad ng liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon sa ilalim ng doktrina ng neoliberalismo.

Ang humigit-kumulang tatlong dekada ng mga patakarang neoliberal ay lalong nagpalalim sa pagkasadlak ng Pilipinas sa malakolonyal at malapyudal na sistema. Dapat itakwil ng bayan ang lahat ng patakarang neoliberal at lahat ng nagtataguyod sa mga ito.

Ang idinulot nitong kahirapan at pagdurusa sa mamamayang Pilipino ay lalong nagdidiin sa pangangailangang wakasan ang bulok na naghaharing sistema sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pakikibaka. Dapat patuloy na paalingawngawin ng sambayanang Pilipino ang kanilang sigaw para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon bilang susi sa pag-ahon ng bansa at mamamayan mula sa krisis at kahirapan. AB

<div style="text-align: center;">  </div> <p style="text-align: center;">Tomo XLVI Blg. 14   Nobyembre 7, 2015</p> <hr/> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa <a href="http://www.philippinerevolution.net">www.philippinerevolution.net</a></p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng <i>email</i> sa: <a href="mailto:cppinformationbureau@gmail.com">cppinformationbureau@gmail.com</a></p>	<h2 style="text-decoration: underline;">Nilalaman</h2> <table style="width: 100%; border-collapse: collapse;"> <tr> <td style="padding: 5px;">Editorial: Wakasan ang mga patakarang neoliberal</td> <td style="text-align: right; padding: 5px;">1</td> </tr> <tr> <td style="padding: 5px;">Paglalakbay ng mga Lumad</td> <td style="text-align: right; padding: 5px;">3</td> </tr> <tr> <td style="padding: 5px;">Pananalokay sa mga eskwelahan</td> <td style="text-align: right; padding: 5px;">4</td> </tr> <tr> <td style="padding: 5px;">Kontraktwalisasyon sa CAT</td> <td style="text-align: right; padding: 5px;">5</td> </tr> <tr> <td style="padding: 5px;">Makabayang syentista, kinasuhan</td> <td style="text-align: right; padding: 5px;">6</td> </tr> <tr> <td style="padding: 5px;">Mga armadong aksyon sa Bicol</td> <td style="text-align: right; padding: 5px;">7</td> </tr> <tr> <td style="padding: 5px;">2 POW, pinalaya sa ComVal</td> <td style="text-align: right; padding: 5px;">7</td> </tr> <tr> <td style="padding: 5px;">Parusa sa kontra-rebolusyonaryo</td> <td style="text-align: right; padding: 5px;">8</td> </tr> <tr> <td style="padding: 5px;">Sentenaryo ng Rebolusyong Oktubre</td> <td style="text-align: right; padding: 5px;">10</td> </tr> <tr> <td style="padding: 5px;">Paglahok sa eleksyon</td> <td style="text-align: right; padding: 5px;">10</td> </tr> <tr> <td style="padding: 5px;">Dalawang aspeto ng US</td> <td style="text-align: right; padding: 5px;">11</td> </tr> </table>	Editorial: Wakasan ang mga patakarang neoliberal	1	Paglalakbay ng mga Lumad	3	Pananalokay sa mga eskwelahan	4	Kontraktwalisasyon sa CAT	5	Makabayang syentista, kinasuhan	6	Mga armadong aksyon sa Bicol	7	2 POW, pinalaya sa ComVal	7	Parusa sa kontra-rebolusyonaryo	8	Sentenaryo ng Rebolusyong Oktubre	10	Paglahok sa eleksyon	10	Dalawang aspeto ng US	11
Editorial: Wakasan ang mga patakarang neoliberal	1																						
Paglalakbay ng mga Lumad	3																						
Pananalokay sa mga eskwelahan	4																						
Kontraktwalisasyon sa CAT	5																						
Makabayang syentista, kinasuhan	6																						
Mga armadong aksyon sa Bicol	7																						
2 POW, pinalaya sa ComVal	7																						
Parusa sa kontra-rebolusyonaryo	8																						
Sentenaryo ng Rebolusyong Oktubre	10																						
Paglahok sa eleksyon	10																						
Dalawang aspeto ng US	11																						
<p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>																							

# Manilakbayan 2015: Paglalakbay ng mga Lumad

Patuloy na umaani ng tagumpay ang Manilakbayan na kasalukuyang nasa ikalawang linggo na ng paglalakbay nito. Higit pang lumawak ang suporta para sa pakikibaka ng mga Lumad at mamamayan ng Mindanao mula sa iba't ibang grupo at sektor sa National Capital Region at iba't ibang lugar ng bansa na dinaanan ng paglalakbay.

May 700 magsasaka, kabataan, kababaihan, tagapagtaguyod sa karapatang-tao at iba pang sektor mula sa Mindanao ang naglakbay sa Visayas at Luzon upang iparating sa buong bansa ang panawagan para sa hustisya, pagpapatigil ng panunupil at pandarambong sa Mindanao.

Sinimulan noong Oktubre sa Davao City sa pamamagitan ng isang "Panubadtubad", isang katutubong ritwal na humihiling ng paggabay at proteksyon. Kinatampukan ang kanilang paglalakbay ng maalab na mga martsa, *caravan*, programa at mga salubungan.

Taas-kamao silang sinalubong ng mamamayan sa Surigao City, Tacloban City, Gubat (Sorsogon), Tabugon (Camarines Norte), Lucena City, Los Baños at Calamba City sa Laguna, Alabang at Baclaran. Saan man sila magtungo, pinagbubuklod sila ng mga usapin ng kahirapan dulot ng kawalan ng lupa, mababang pasahod, kawalan ng katarungan, malawakang pagpapalayas, at iba pang usaping panlipunan.

Mainit din silang sinalubong ng mga estudyante ng iba't ibang unibersidad sa Kamaynilaan. Nagpahayag rin ng pagsuporta ang mga detenidong pulitikal na nakakulong sa Camp Bagong Diwa, sa Bicutan sa Taguig City.

Isang linggo silang pinasilong sa loob ng kampus ng University of the Philippines (UP) sa Diliman, Quezon City. Doo'y nakipagkaisa sa kanila ang

mga estudyante, guro at iba't ibang sektor. Naglunsad doon ng iba't ibang mga aktibidad sa loob ng kampus upang maibahagi ng mga Lumad ang kanilang mga karanasan, hinaing at mga hangarin.

Iba't ibang grupo ang naglaan ng panahon upang makipamuhay sa mga Lumad at makinig sa kanilang mga salaysay. Ibinahagi ng mga lumahok sa Manilakbayan ang iba't ibang kuwento ng katapangan at kagitingan ng mga Lumad sa kanilang paglaban sa tumitinding kalupitang militar. Inilantad nila na ang tunay na layunin ng karahasan ng estado laban sa kanila ay ang mapapasok ang malalaking kumpanya sa pagmimina at plantasyon para dambungin ang kanilang lupaing ninuno.

Dahil sa karahasang militar, mayroon nang 40,000 mga Lumad ang sapilitang lumikas sa kani-kanilang komunidad. Mayroon nang 63 mga lider at aktibistang Lumad ang pinaslang. Umabot na sa 250 mga lider ng mga komunidad ang sinampahan ng rehimeng Aquino ng iba't ibang gawa-gawang kaso. Nasa 95 eskwelahan ng mga Lumad ang inatake ng militar at galamay nitong mga grupong paramilitar.

Matapos ng isang linggo sa loob ng kampus ng UP, ang mga kalahok sa Manilakbayan ay nagmartsa patungo sa Li-

wasang Bonifacio. Doon sila nakatakdang magkampo sa mga susunod pang araw para magbahagi ng karanasan sa iba pang mga sektor.

Nakatakda ring lumahok ang Manilakbayan sa mga kilos-protesta laban sa napipintong pulong ng APEC sa Manila.


## Panggigipit sa mga kilos-protesta laban sa APEC

Pinakilos ng rehimeng Aquino ang malaking pwersa ng pulis upang supilin ang mga kilos-protesta sa panahon ng pagpupulong ng mga lider ng APEC sa Nobyembre 18-19. Maliban sa mahigit 2,500 tauhan ng Metropolitan Manila Development Authority, magtatalaga rin ang pulis ng mga tauhan mula sa Region 3 at Region 4.

Ang mga pangunahing lansangan tulad ng ilang bahagi ng EDSA, NAIA at Roxas Boulevard ay isasara sa trapiko upang maging eksklusibong daanan ng mga delegado ng APEC. Isasara rin ang mga ito sa anumang kilos-protesta. Balak ding alisin sa mga lansangang daraanan ng mga delegado ng APEC ang mga maralita, bendor o iskwater. Upang hindi makita ang mga pamilyang naninirahan sa lansangan, bibigyan sila ng tig-apat na libong piso upang maghanap ng pansamantalang matutuluyan.

Kaliwa't kanan na ang pagbaticos laban sa nakatakdang pulong ng APEC. Noong Oktubre 10, nagprotesta ang mga kasapi ng League of Filipino Students sa harap ng Mendiola Peace Arch sa Manila, kasabay ng pagtatapos ng APEC Transportation Ministerial Meetings sa Cebu.

Sa pagtatapos naman ng APEC - High Level Policy Dialogue on Food Security and the Blue Economy sa Iloilo noong Oktubre 5, nagtipon ang mga mangingisda sa ilalim ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas sa isang kasabay na aktibidad upang kundehin ang mga panukalang pagpapatindi ng patakaran sa liberalisasyon at pribatisasyon ng mga yamang dagat.







# Pananalakay sa mga eskwelahang Lumad, krimen sa digma

Hindi bababa sa 95 ang kaso ng mga pananalakay sa mga paaralan ng mga Lumad sa buong Mindanao sapul noong Setyembre 2014. Ang lahat ng ito ay labag sa mga internasyunal na alituntunin sa digma na mariing nagbabawal sa pagpinsala sa mga sibilyan at kanilang mga ari-arian.

## Sapilitang pagpapasara sa eskwelahan sa Bukidnon

Pinakahuli sa mga pang-aatake ng estado sa mga paaralang Lumad ang sapilitang pagpapasara noong Oktubre 23 sa Fr. Pops Tentorio Memorial School, isang pribadong mababang paaralan na itinayo ng Mindanao Interfaith Services Foundation Inc. (Misfi) Academy sa White Culaman, Kitaotao, Bukidnon. Ang pagpapasara ay pinasimunuan ni Felipe Cabugnason, kapitan ng barangay. Sa direktang atas ng militar na naghahari-harian sa lugar, sinugod ni Cabugnason at mga sibilyang tinakot ng militar, kasama ang tatlong sundalong nakasuot-sibilyan, ang paaralan at winasak ang tarangkahan.

Ayon sa mga residente, tinutukan sila ng baril ng mga sundalo at ni Cabugnason upang pwersahin silang sirain ang paaaralan para palabasing “boluntaryo” ang pagwasak nito. Kinumpiska pa ni Cabugnason ang mga *cellphone* at kamera ng mga titser at mag-aaral at pinagbawalan silang kumuha ng mga litrato at bidyo.

Nagdulot ito ng matinding trauma sa mga guro at 24 na estudyante na noo'y nasa loob ng paaralan. Karamihan sa mga estudyante rito ay mula sa grupong Manobong Pula ngion at Matigsalug. Ayon sa isang guro, napakalaki ng kanilang takot na sila'y gagapusin at papatayin ng mga sundalo. Dahil dito, nilikas nila ang paaralan at naglakad ng tatlong oras tungong Arakan, North Cotabato para maghanap ng masisilunggan. Isang *boarding school* ang paaralan, kung saan

naninirahan sa loob nito ang mga estudyante at guro habang may pasok.

Isinagawa ang pang-aatake sa kabila ng utos ng Department of Education laban sa pagpapasara nito. Itinanggi ng militar na may kinalaman sila sa pananalakay, pero mismong ang kanilang tagapagsalita ang nag-anunsyo sa permanenteng pagpapasara nito.

Noong Oktubre 30, nagpasya ang alkalde, bise-alkalde at buong sangguniang pangmunisipyo ng Kitaotao na sampahan ng kaso si Cabugnason. Pinaalis din nila ang 8th IB na nakaokupa sa pribadong paaralan.

Bago nito, noong Oktubre 6, sinunog ng mga militar ang apat na bahay sa bulubunduking bahagi ng Malinao sa White Culaman. Pinaangambahang isusunod nang sunugin ang paaralan.

Noong Oktubre 30, nagpasya ang alkalde, bise-alkalde at buong sangguniang pangmunisipyo ng Kitaotao na sampahan ng kaso si Cabugnason. Pinaalis din nila ang 8th IB mula sa paaralan, na isang pribadong pag-aari ngunit inookupahan ng mga tropa ng militar.

Ayon kay Prof. Mae Fe Ancheta-Templa, convenor ng Save our Schools Network in Mindanao (SOS) may walong kaso ng pananalakay

ang naisasagawa sa mga mag-aaral at guro ng mga paaralang Lumad kada buwan.

## Alituntunin para sa pagtatanggol ng mga eskwelahan

Ang mga pananalakay sa mga eskwelahang Lumad ay isinagawa sa kabila ng pagdalo ng gubyerno ng Pilipinas sa mga pagpupulong para buuin ang “Alituntunin Para sa Pangangalaga ng mga Paaralan at Unibersidad mula sa Gamit ng Militar sa Panahon ng Armadong Tunggalian.” Pero hindi ito pumirma sa napinal na dokumento na iniendorso ng United Nations at mga pandaigdigang organisasyong makabata tulad ng United Nations Children's Fund at iba pang multilateral na mga organisasyon.

Itinuturing ng alituntunin na isang “krimen ng digma” ang pananalakay sa mga paaaralan liban sa mga pambihirang pagkakataong nagiging lehitimong target pangmilitar ang mga ito. Maaaring idahilan ng rehimeng Aquino na hindi niratipika, at samakatwid hindi obligado, ang Pilipinas na sundin ang mga alituntuning ito. Ngunit ang mga pinagbatayan ng mga alituntunin ay mga pandaigdigang kumbensyon na matagal nang sinang-ayunan ng Gubyerno ng Pilipinas (GPH). Kabilang dito ang mga pag-aaral sa batas ng International Committee of the Red Cross (ICRC).

Nilalaman ng mga alituntunin ang sumusunod na atas:



1) Ang bukas na mga paaralan at unibersidad ay hindi dapat gamitin ng panlabang pwersa ng mga panig sa armadong tunggalian para sa anumang pagsuporta sa kanilang pagsisikap militar;

2) Ang mga paaralan at unibersidad na inabandona o iniwan dahil sa peligro ng armadong tunggalian ay hindi dapat gamitin ng mga panlabang pwersa ng mga panig sa armadong tunggalian para sa anumang pagsuporta sa kanilang pagsisikap militar;

3) Kailanma'y di dapat wasakin ang mga paaralan at unibersidad bilang hakbangin para ipagkait sa katunggaling panig sa armadong tunggalian ang kakayahang gamitin ang mga iyon sa hinaharap;

4) Bagaman nagiging mga target ng atakeng militar ang mga paaralan o unibersidad na ginagamit ng mga panlabang pwersa ng mga panig sa armadong tunggalian para suportahan ang kanilang pagsisikap militar, depende sa kalagayan, ay dapat isaalang-alang ng mga panig sa armadong tunggalian ang ibang posibleng alternatibong hakbangin bago atakehin ang mga iyon;

5) Ang mga panlabang pwersa ng mga panig sa armadong tunggalian ay hindi dapat kunin para magbigay ng seguridad sa mga paaralan o unibersidad;

6) Lahat ng panig sa armadong tunggalian, hangga't posible at nararapat, ay dapat ipaloob ang mga Alituntuning ito, halimbawa, sa kanilang mga doktrina, manwal militar, tuntunin sa pakikipagsagupa, mga kautusan sa operasyon at iba pang paraan ng pagpapalaganap, upang hikayatin ang angkop na pagkilos sa buong daloy ng kumand.

Hindi maaaring idahilan ng rehimeng Aquino na hindi niya batid ang mga alituntuning ito. Dumalo ang mga kinatawan ng AFP sa unang isagawa ang kumperensya para ibalangkang ang mga alituntunin noong Mayo 2012. Dumalo din ang mga upisyal ng rehimen sa kumperensya na nagpinal nito noong Nobyembre 2014. AB

## Kontraktwalisasyon sa asukarera ng mga Aquino-Cojuangco, binatikos

SA PAGBUBUKAS ng panahon ng kabyawan (paggiling ng tubo) ngayong Nobyembre, mga kontraktwal na manggagawa na ang magtatrabaho sa Central Azucarera de Tarlac (CAT) dahil sinibak ang halos 700 manggagawa noong Mayo na pilit pinapirma ng “voluntary retirement”.

Nagawa ito dahil sa pagbili ni Martin Lorenzo ng CAT noong 2014 at pagpapatupad ng bagong maneydsment ng malawakang pagsisicante sa ngalan ng pagpapasigla sa nalulugi na raw na asukarera. Mistulang nagbago ang pag-aari ng CAT upang magkaroon ng rason na sibakin ang mga manggagawa sa layong wasakin ang unyon. Ngunit nananatili ang kontrol ng pamilyang Aquino-Cojuangco sa asukarera sa pamamagitan ng presidente at Chief Operating Officer nito na si Fernando Cojuangco, pinsang buo ni Aquino.

Ayon kay John Milton Lozande, tagapangulo ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA), ginamit ni Cojuangco ang CAT Resource and Asset Holdings Inc. upang umangkin ng sapi sa iba pang korporasyon ng mga Aquino-Cojuangco sa loob ng Hacienda Luisita, tulad ng Luisita Realty Corp. (LRC) at Luisita Industrial Park Co. Suma total, ang pamilyang Aquino-Cojuangco ang nananatiling tunay na may-ari ng CAT at mga korporasyon sa loob ng Hacienda Luisita, bagamat pwede na silang lumusot sa mga obligasyon nilang pinagpasyahan ng korte. Samantala, ang diumanoy mga benepisyaryo na dati'y nagtatrabaho sa HLI ay magbabalik sa pagiging magtatabas sa dating sistemang “kapatas”


(kontratista) at pakyaw.

Balak ni Lorenzo na ipagbili pa ang 505 ektarya sa ilalim ng CAT at LRC upang maiwasan ng pamilyang Cojuangco-Aquino ang pagbabayad ng utang sa mga magbubukid.

Noong Abril 24, 2012 pinagpasyahan ng Korte Suprema na ipamahagi sa mga magbubukid ang buong 6,453 ektaryang Hacienda Luisita. Nilaman din ng pasya ang pagkuenta ng bahagi ng mga magbubukid sa ibinentang 580 ektarya sa Rizal Commercial Banking Corporation, Centenary Holdings, at sa dinaanan ng SCTEX, isang *expressway* na tumatagos sa lupain ng asyenda, kaya't umabot sa P1.33 bilyon ang dapat bayaran ng pamilyang Cojuangco-Aquino sa mga magbubukid.

Hanggang sa ngayon, wala pang nababayaranang bahagi nito, at ang lupang ipinaglaban ng mga magbubukid ay unti-unti ring nababawi sa pamamagitan ng ar-yendo o *leaseback*.

Noong Pebrero 2014, nag-aplay ang LRC sa Philippine Economic Zone Authority na ideklara ang 260 ektaryang sakahan sa Barangay Balete, Luisita upang maging bahagi ng Luisita Industrial Park-Special Economic Zone. Mula pa noong 2013 ay binubungkal na ito ng mga magbubukid at marami nang nasaktan sa paulit-ulit na pagsalakay ng armadong maton ng mga Aquino-Cojuangco. Binuldoser noon ang mga pananim at sinunog ang mga kubo ng mga magbubukid. AB



# Makabayang syentista, kinasuhan

**P**anibagong panggigipit ang dinaranas ni Dr. Romeo Quijano, isang *toxicologist* (dalubhasa sa epekto ng lason sa katawan), mula Oktubre dulot ng inilathala niyang pananaliksik 16 na taon nang nakaraan ukol sa masamang epekto ng mga pestisidyo sa kalusugan ng komunidad at kalikasan. Ang dating kasong "unprofessionalism", na ibinasura ng korte noong 2010, ay muling isinampa laban sa kanya ng dati ring mga naghain nito.

Ayon kay Rafael Mariano ng al-yansang Resistance and Solidarity Against Agrochem TNCs (RESIST), ang naturang kaso ay "ikaapat sa napakarami nang kasong pakana ng industriya sa saging laban kay Quijano...Mukhang lubus-lubusan ang paniniguro ng industriya sa saging na walang makahadlang sa kanilang mapanganib na mga gawa."

Si Quijano ay tumayong dalubhasang saksi sa katatapos lamang na mga pagdinig ng kongreso para sa House Bill 3857 na layong patigilin ang pagbubuga ng pestisidyo mula sa himpapawid dahil nakalalason ito sa mga tao sa lugar.

Hindi ito ang unang kaso ng panggigipit sa mga syentistang nagpapakadalubhasa at gumagamit ng kanilang syentipikong kasanaan para sa masa. Maaalalang ikinalulong ng 67th IB ang *physicist* na si Prof. Kim Gargar noong Oktubre 1, 2013 sa Sityo Spur Dos, Barangay Aliwagwag, Cateel, Davao Oriental, habang nananaliksik siya para sa proyektong reporestasyon ng Balsa Mindanao at ng Panalipdan. Pinagbintangan siyang kabilang sa BHB at pinatungan ng mga kasong *illegal possession of explosives, firearms and ammunitions*; pagpatay at paglabag sa *election gun ban* batay sa gawa-gawang ebidensya.

Pinaslang naman ng mga sundalo ng 19th IB ang *botanist* at *ethno-*

*pharmacologist* (dalubhasa sa mga halaman at mga katutubong halamang-gamot) na si Prof. Leonard Co sa Kananga, Leyte noong Nobyembre 15, 2010, kasama ang monterong si Julius Borromeo at magsasakang si Sofronio Cortez. Pinalitaw ng militar na sila'y kabilang sa BHB. Sa halip na bigyan ng hustisya ang mga biktima, pinawalansala ng Department of Justice at National Bureau of Investigation ang mga pumatay sa tatlo. Itinalaga pang pinuno ng upisina ng AFP sa karapatang-tao ang upisyal na namuno noon sa yunit militar.

Samantala, namatay sa matinding sakit ang kemist na si Dr. Richard Heck, 84, noong Oktubre 10 sa East Avenue Medical Center kung saan siya dinala matapos tanggihan ng isang pribadong ospital.

Naging tanyag si Heck sa ipinagkaloob sa kanyang Nobel Prize for Chemistry noong 2010, kasama ang dalawang Hapong syentista, para sa pagtuklas ng bagong prosesong kemikal. Marami ang naging gamit ng prosesong ito, na tinawag na "Heck Reaction." Malaki ang naiambag nito sa pagsulong sa pananaliksik ng gamot sa kanser at iba pang usaping medi-

kal, paglikha ng mga gamot tulad ng *naproxen* na gamot sa rayuma, mga prosesong industriyal at teknolohikal tulad ng paggawa ng mas maliit at manipis na *screen* ng mga *cellphone* at *tablet*. Mag-iisang dekada nang nakatira sa Pilipinas si Heck.

Ayon kay Rep. Emmi de Jesus ng Gabriela Women's Party, ang kalunos-lunos na kamatayan ni Heck ang naglalantad sa "matuwid na daan" ni Aquino at nagpapakita kung bakit naibilang ang Pilipinas sa "Pinakamasasamang mga Lugar para Mamatay" ng Quality of Death Index Study noong 2015. Inihanay ng Lien Foundation na ika-78 ang Pilipinas sa kanilang pag-aaral sa kalidad ng pangangalagang pangkalusugan sa 80 bansa.

Dagdag pa ni De Jesus, nakahihiya ang P128 bilyong badyet pangkalusugan ng gubyerno sa 2016 dahil tulad ng badyet ng mga nakaraang taon, ang pinakamalaking bahagi ay inilalaan sa PhilHealth at sa Health Facilities Enhancement Program (HFEP), na hindi tumutugon sa pangangailangan ng mahihirap na pasyente.

Sa pagtaya ng Agham o Advocates of Science and Technology for the People, 27% lang ang sinasagot ng Philhealth sa gastusing medikal ng mga pasyente sa pampublikong ospital. Ang gastos ng pagpapaospital sa publiko ay 43 ulit ng minimum na sahod, samantalang 66% ulit naman ang gastos sa mga pribadong ospital. AB







# Mga armadong aksyon laban sa 9th ID sa Bicol

Isang serye ng mga koordinadong armadong aksyon ang inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa Bicol mula Oktubre 25 hanggang Nobyembre 2. Ito ang iniulat ni Kasamang Maria Roja Banua, tagapagsalita ng National Democratic Front (NDF)-Bicol.

Apat na matataas na kalibreng barrel ang nasamsam ng BHB-Bicol sa 18 iba't-ibang tipo ng taktikal na opensiba ng mga pamprobinsyang kumand sa ilalim ng Romulo Jallos Command laban sa elemento ng 9th ID sa rehiyon. Umabot sa siyam ang napatay at siyam naman ang malubhang nasugatan sa kaaway.

Ang mga opensibang ito ay bigwas sa pagkukumahog ng 9th ID na maihabol sa target nitong ideklarang "manageable conflict area" ang Masbate at Sorsogon bago sumapit ang eleksiyong 2016. Ito ay habang patuloy na pinopokusang ang ilang bayan sa ikatlong distrito ng Albay, Libmanan sa Camarines Sur at Labo, Camarines Norte. Pampulitikang bigwas din ito laban sa pinakamagastos at pinakamagarbong pasikat sa dayuhang paghahanda sa pulong ng Asia Pacific Economic Cooperation sa Nobyembre 16-18. Higit sa lahat, alay pagpupugay at parangal ito para sa magiging na kasamang nabuwal sa dependsibang labanan sa Juban, Sorsogon.

**Masbate:** Alas-8:00 ng gabi, hinaras ng isang tim ng mga Pulang mandirigma ang detachment ng 9th IB na nakabase sa Barangay Danao, San Jacinto sa Isla ng Ticao noong Oktubre 31. Kasabay nito, bandang alas-12:00 ng hatinggabi, hinaras din ng isang yunit ng BHB ang hedkwarters ng Battalion Recon Company sa Sityo Catindong, Barangay Maingaran, Masbate City. Isang sundalo ang napatay at isa ang sugatan.

Samantala, alas-2:30 ng madauling araw, hinagisan ng BHB ng granada ang pansamantalang himpilan ng isang seksyon ng militar sa Barangay Dayao, Mandaon. Nagsi-

silbing gwardya ang mga sundalo ng Hitone Construction Company, na nagpapatrabaho sa kalsada. Dalawa ang agarang namatay at isa ang malubhang nasugatan sa hanay ng militar.

Noong Nobyembre 1, pinasabog ng isang tim ng Jose Rapsing Command ang isang bomba sa *safe house* ng 18-kataong myembro ng 9th IB sa Barangay Poblacion, San Jacinto sa Isla ng Ticao. Matapos iyon pasabugin, sabay-sabay na nagpapatok ng barrel ang BHB. Apat ang naiulat na patay habang di mabilang ang nasugatan sa hanay ng militar.

**Sorsogon.** Noong Nobyembre 2, alas-2:45 ng hapon, inambus ng

Celso Miguez Command ang PNP Patrol ng Gubat sa Barangay Marinas habang papasok sila sa munisipyo. Limang pulis ang sugatan at dalawa ang patay matapos ang nasabing ambus.

**Albay.** Alas-8:30 ng umaga ng Nobyembre 1, hinaras ng isang tim ng Santos Binamera Command ang detachment ng 2nd IB na nakabase sa Barangay Bascaran, Daraga. Kasabay nito, inilunsad ng BHB ang operasyong demolisyon sa Barangay Villahermosa, Daraga laban sa myembro ng Provincial Public Safety Company na nakabase sa lugar.

**Camarines Sur.** Noong alas-9:00 ng gabi ng Oktubre 25, matagumpay namang hinaras ng isang tim ng Edmundo Jacob Command ang detachment ng 22nd IB sa Barangay San Pedro, Iriga City na matagal nang namumugad at nang-aabuso sa syudad.

Alas 8:00 naman ng umaga noong Oktubre 28, sinalakay ng Norben Gruta Command ang Charlie

## 2 POW, pinalaya sa ComVal

PINALAYA ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southern Mindanao Region ang hawak nitong dalawang prisoner-of-war (POW o bihag-sa-digma) noong Oktubre 3 ng hapon sa Laak, Compostela Valley alinsunod sa direktiba ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Hinuli ng BHB sina Pfc. Marjon Añover at Pfc. Niño Alavaro, kapwa ng 25th IB, noong Setyembre 30 sa Barangay Casoon, Monkayo, Compostela Valley.

Ayon kay Rubi del Mundo, kinatawan ng NDFP sa Southern Mindanao, pinalaya ang dalawa dahil nagpakita sila ng pagsisisi sa kanilang mga krimen laban sa mamamayan at boluntaryo silang nangako na hindi na sila gagawa ng mga dagdag na krimen. Kilala ang 25th IB sa mahaibang listahan ng mga paglabag sa karapatang-tao sa mamamayan sa prubinsya.

Sa panayam sa isang pahayagan na nakabase sa Davao, ikinwento ni Pfc. Alavaro ang maayos na pagtrato sa kanya ng mga Pulang mandirigma. Namangha siya sa pantay-pantay na relasyon at pagtrato ng mga opisyal at tauhan sa loob ng Pulang hukbo, kaiba sa paghahari-harian ng mga opisyal sa sarili niyang hukbo. Aniya, nakita din niya ang katangian ng pakikibaka ng Pulang mandirigma na hindi pansarili lamang kundi para sa sambayanan.

Tinanggap ni Davao City Mayor Rodrigo Duterte, pinuno ng Regional Peace and Order Council, kasama ang kani-kanilang mga pamilya ang dalawang sundalo. Nagsilbing *third party facilitator* ang relihiyosong grupong Exodus for Justice and Peace.

AB

Company na naggugwardya sa mga proyektong kalsada para sa dayuhang pagmimina at eko-turismo ng lokal na pamahalaan sa Pag-oring, Libmanan. Isang sundalo ang napatay. Nasamsam ng BHB ang ripleng M16. Sa araw ding ito, isinagawa ang operasyong haras ng BHB laban sa isang yunit ng 42nd IB nanakatigil sa *barangay hall* at loob ng baryo sa Bilwang sa bayan ng Lupi.

Muling hinaras ng mga Pulang mandirigma ng Edmundo Jacob Command ang tropang nagpapatrulya mula sa Barangay San Pedro, Iriga City noong Oktubre 31. Kasabay nito, hinaras ng yunit ng Norben Gruta Command ang isang yunit ng 42nd IB na mag-iisang linggo nang humihimpil sa mga kabahayan at *barangay hall* ng Calabnigan at Villa Socorro, sa bayan ng Libmanan. Tugon ito sa reklamo ng mga taumbaryo laban sa tropang nagsasagawa ng mga operasyong "peace and development" dahil nakaiistorbo ito sa aktibidad ng mamamayan, nang-aabala sa gawaing produksyon at naghahasik ng takot sa posibleng abusong likhain ng kanilang pananatili sa baryo.

**Camarines Norte.** Alas-11:00 ng gabi ng Oktubre 31 nang salakayin ng isang platun ng Armando Catapia Command ang tropa ng 49th IB na nagsisilbing gwardya sa EUS Construction sa Barangay Daguait, Labo. Sa labanan, nasamsam ang dalawang M14 at isang M16 mula sa tropa ng kaaway. Isang sundalo at isang elemento ng Civilian Armed Auxiliary ng 22nd IB ang napatay habang isang sundalo ang nasugatan.

Samantala, pinarangalan ng NDF-Bicol at ng rebolusyonaryong kilusan ang tatlong Pulang mandirigma na napaslang sa isang kubkob sa Barangay Tinago, Juban, Sorsogon noong Oktubre 21. Kinilala ng NDF-Bicol ang mga nasawi na sina Domingo Llantos (Ka Joel), Jaypee Matimtim (Ka Iresh) at Manuel Adol (Ka Jhony). AB

## Pusakal na mga kontra-rebolusyonaryo, pinarusahan

**I**pinagbubunyi ng mamamayan ng Davao del Norte at ng kalapit na lugar ang pagparusa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) kay Dario Otaza, mayor ng Loreto, at kanyang anak na si Daryl Otaza, noong Oktubre 15 sa Barangay Baan, Butuan City.

Ang mag-amang Otaza ang nagbuo at namumuno sa mga grupong paramilitar na Bagani na naghahasik ng teror sa libu-libong mamamayang minorya sa Loreto at kalapit na mga munisipalidad sa Agusan del Sur. Nasamsam sa bahay ng mga Otaza ang apat na ripleng Bushmaster, dalawalang kalibre .45 pistola at dalawang 9mm na pistola.

Ang paggawad ng pagparusa ay isinagawa ng BHB alinsunod sa kautusan ng hukumang bayan at ipinatupad ng mga operatiba sa ilalim ng Comval-North Davao-South Agusan Subregional Command, katuwang ang Northern Mindanao Regional Operations Command.

Ang nakatatandang Otaza ay napatunayang utak ng maraming krimen na isinagawa ng Task Force Gantangan, isang mayor na sangkap ng noo'y Oplan Bantay Laya 2. Si Otaza ang nasa likod ng grupong paramilitar na "Bagani," isang grupong paramilitar na sinuportahan ng militar para gamitin laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Si Otaza ang namuno sa pagbubuo at pagmamantine ng lambat-paniktik sa mga base ng BHB sa Agusan del Sur para sa mga opersyong militar ng AFP, kabilang ang pagsasanay, pagmamantine at pangangasiwa sa mga aset para sa impiltrasyon, pag-eespiya at pag-sabotahe sa mga yunit ng BHB. Sapilitan ang pagrerekrut sa mga Lumad sa mga grupong paramilitar para mag-espiya at maglunsad ng mga armadong aksyon laban sa rebolusyonaryong kilusan at mga sibilyan.

Ang nakababatang Otaza ang nanguna sa mga operasyong pani-

niktik na ito. Siya rin ay isang pusakal na *drug lord* sa Loreto.


Ipinagpatuloy ng mga Otaza ang kanilang mga kontra-rebolusyonaryong aktibidad at krimen laban sa mga sibilyan matapos mahalal ang nakatatandang Otaza bilang mayor ng Loreto. Sa naka-raang apat na taon, ipinamalas nila ang kanilang pagiging masugid na tagapagtaguyod ng Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Aquino. Ito ay sa kabila ng paulit-ulit na pagpapaabot ng rebolusyonaryong kilusan sa kanya ng babala at mga hiling ng mamamayan na tigilan na nila ang kanilang mga gawaing kriminal.

Wala silang ipinakitang pagsisi sa kanilang mga krimen at nagpatuloy sila sa kanilang mga kontra-rebolusyonaryong gawain. Marahas ang kanilang pakikitungo sa mamamayan, laluna sa harap ng kanilang pakikipagkutsabahan sa malalaking kumpanya sa mina at pagtotroso na nag-ooperasyon ngayon sa kalbo nang mga gubat ng Agusan. Nagpayaman ang mga Otaza sa pagbebenta sa mahigit 30,000 ektaryang lupa sa Loreto para sa pagtatayo ng plantasyong *oil palm* ng isang dayuhang kumpanya.

Patuloy nilang ginamit ang "Bagani" at iba pang tropang paramilitar sa kanilang paghahari, at tumangging bumalik sa di-armadong paggugubynong sibilyan. Sa gayon, itinuring silang mga lehitimong target ng BHB.

Sa pagdinig sa kaso ni Dario Otaza, napatunayan ang tuwirang pangunguna ni Otaza sa brutal na pagtortyur at pagpaslang kina Benjie Planos noong Setyembre 13, 2013 at Gabriel Alindao noong





Oktubre 10, 2013, kapwa taga-barangay Kauswagan; at kay Gerry Villamor na taga-Datu Ampunan noong Setyembre 10, 2014, pawang sa Loreto, Agusan del Sur.

Napatunayan ding si Otaza ang nagplano at nagdirihe sa operasyon ng paglason ng isang yunit ng BHB, pagpaslang sa limang Pulang mandirigma at pagpapadakip ng isa pa noong Setyembre 5, 2009. Isinagawa ito gamit ang dalawang operatiba na inutusang pasukin ang naturang yunit. Pinagbabaril ng naturang mga operatiba ang mga Pulang mandirigma nang mawalan sila ng malay at wala nang kakayahang lumaban. Kasabwat ni Otaza sa krimen na ito ang noo'y pinuno ng Military Intelligence Battalion ng 4th ID na si Captain Gusi sa ilalim ng Task Force Gantangan.

Natukoy rin ang responsibilidad ni Otaza sa tangkang pagpaslang at pagnanakaw sa mga residente ng Kilometro 16, Barangay Datu Davao, Loreto noong Setyembre 9, 2014 na ipinatupad ng Bukakang Banggaan at mga naggangalang Augit at Intoy na parehong myembro ng paramilitar na grupong Taptap, isang grupong itinayo ng mga Otaza.

Liban sa mga krimeng ito, si Otaza rin ang itinurong punong tagapagpatupad ng matinding militarisasyon na pinangunahan ng kanyang mga pwersang "bagani" katuwang ang 26th IB na nagresulta sa

kahindik-hindik na mga pang-aabuso sa mga sibilyan, tulad ng:

a) pagtortyur sa apat na kabataang menor-de-edad na taga-barangay San Isidro sa Loreto at ilegal na pag-aresto at detensyon sa dalawa;

b) *hamletting* at pagpataw ng blokeyo sa pagkain at ekonomya sa limang komunidad ng Barangay Kauswagan, Loreto;

k) pwersahang pagpapalikas at dislokasyon sa kabuhayan ng di bababa sa 459 Manobo mula sa Barangay Kauswagan at iba pang komunidad sa Loreto. Hanggang ngayon, di pa nakababalik ang mga Lumad sa kanilang mga komunidad dahil ginawa nang *war zone* ng "Bagani" ang kanilang mga lugar;

d) pagbenta at pagwasak sa dibababa sa 100 ektarya ng lupang agrikultural at sakahan na binungkal at ginawang produktibo ng mga bakwit matapos ang bagyong Pablo;

e) pang-aatake at pagpapasara sa dalawang eskwelahan

Katuwang ang pwersang "Bagani" ni Otaza sa tuluy-tuloy na paglabag sa mga karapatang-tao ng mga Lumad na nagbakwit. Ito ay sa kabila ng pakikipakasundo ng mga Otaza at ng militar kay Davao City Mayor Rodrigo Duterte na hindi magsasagawa ng mga pang-aatake ang kanilang mga pwersa matapos bumalik sa kanilang mga komunidad ang mga bakwit. Nagsagawa rin ang mga ito ng ilegal na pang-aaresto at detensyon, pekeng pagpapasurender, saywar, harasment at pananakot sa mga pamilya ng kilala nilang mga Pulang mandirigma.

Si Otaza rin ang itinurong utak ng panununog at pagwasak sa mga bahay ng mga magsasaka sa Barangay Kauswagan ng mga kampon niyang grupong paramilitar na sina Mariel Dioganon, Aki Dioganon, Jordan Dioganon, Abdon Dioganon,

Abdon Sinkok, Peping Maamib at Loly Cedilla noong 2013.

Samantala, sinalubong ng mga aksyong harasment ng BHB-Western Agusan-Northern Agusan Subregional Command ang 23IB na nagsasagawa ng *pursuit operation* sa Buenavista, Agusan del Norte. Noong umaga ng Oktubre 24, pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang isang kolum ng 23rd IB na nag-ooperasyon sa Sityo Tabon-tabon, Barangay Olave. Kinabukasan, nagkaroon ng hiwalay na engkwentro sa Sityo Calaitan, Barangay Sangay. Nagpadala ng helikopter ang militar para kunin ang kanilang mga kaswalti sa parehong insidente.

Sa kaugnay na balita, napatay ng isang tim ng BHB-North Central Mindanao Region si Ricardo Sulhayan nang magtangka siyang tumakas noong Oktubre 7 sa Barangay Camagong, Nasipit, Agusan del Norte. Elemento siya ng Army Reserve Command na may ID na RES-A07-E-M 3064 na may ranggong sarhento at palagiang armado ng kalibre .45 pistola. Aktibong myembro din siya ng paramilitar na grupong Bungkatol Liberation Front (BULIF)-Task Force Gantangan na may mahabang listahan ng mga krimen na nakasampa sa hukumang bayan.

Aktibong inaalagaan at inarmanan ng AFP ang mga Lumad na bandidong grupo katulad ng BULIF at iba pang katulad nito para takutin ang mga komunidad ng Lumad, biguin ang kanilang pakikibaka para sa karapatan sa pagpapasaya-sa-sarili at hawanin ang daan para sa pagpasok ng mga dayuhan at lokal na interes sa pagtotroso, mina at plantasyon sa mga lupang ninuno ng mga Lumad. Ayon kay Cesar Renerio, tagapagsalita ng BHB-North Central Mindanao Region, ang mga myembro ng BULIF ay mga kriminal na ekstensyon ng reaksyunaryong pwersang armado, hindi ordinaryong sibilyan, at sa gayon ay lehitimong target ng mga aksyon ng BHB.

# Sentenaryo ng Rebolusyong Oktubre, ipagdiwang!

Panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa lahat na simulan ngayong Nobyembre 7 ang dalawang-taong pagdiriwang upang gunitain ang sentenaryo ng tagumpay ng Rebolusyong Oktubre sa Russia. Hinihikayat ng PKP ang paglulunsad ng mga seminar, paglilimbag at pagpapalaganap ng mga akdang Marxista-Leninista-Maoista, paggawa ng mga likhang-sining, asembleya at pangkulturang pagtatanghal.

Noong Oktubre 25, 1917, wina- nakasan ng Rebolusyong Oktubre ang mapang-aping paghahari ng burgesya sa Russia at isinilang ang kauna-unahang sosyalistang bansa sa kasaysayan ng buong daigdig. Ang Oktubre 25 sa lumang kalendaryong Julian ay

katumbas ng Nobyembre 7 sa kalendaryong Gregorian na ginagamit ngayon ng karamihan sa mga bansa, kabilang ang Pilipinas. Sa ilalim ng itinayong sosyalistang estado, kinumpiska at isinabansa ang lahat ng ari-arian ng mga dayu-

hang monopolyo kapitalista, mga lokal na malaking burgesya at ng dinastiyang Romanov.

Ginamit ang mga ito para sa kapakanan ng mamamayan. Isinabansa ang malalaking lupain ng mga panginoong maylupa at sentralisadong pinaunlad ang ekonomya. Binigkis ang malawak na mamamayan at mga nasyunalidad sa ilalim ng itinayong Union of Soviet Socialist Republics (USSR). Sa loob lamang ng mahigit tatlong taon, bumangon ang USSR mula sa isang napa-kaatrasadong kapitalistang bansa tungo sa isa sa pinakamalalakas na bansa sa daigdig at tuwirang humamon sa lakas ng imperyalismong US. Nilagpasan nito ang antas ng produksyon ng mga kapitalistang bansa, na dumanas naman ng sunod-sunod na mga krisis.

Naging matatag na likuran ng

sosyalistang kampo ang USSR. Tumulong ang Partido Komunista nito sa pagbuo ng internasyunal na pagkakaisa ng mga Partido at sa pakikibaka ng ibang bansa laban sa imperyalismo.

Pinatunayan ng Rebolusyong Oktubre na kaya ng masang manggagawa sa pamamagitan ng proletaryong partido na pamunuan at ipagwagi ang rebolusyon at mapalaya ang mahigit sangkapat ng mamamayan ng daigdig laban sa imperyalismong US kahit na malakas pa ang kapitalistang sistema sa kalahatan. Sa kalaunan, sa pagtagumpay ng mamamayan sa China

at Vietnam, mahigit sangkatlo ng daigdig ang lumaya sa imperyalismo at nagwagayway ng bandila ng sosyalismo.

Nang maagaw ng rehimeng Krushchev ang kapangyarihan noong 1956 ay nilansag niya ang sosyalistang guberno at lahat ng benepisyong nainstitusyonalisa nito para sa mamamayan. Itinaguyod niya ang rebisyonismo upang pahinain at wasakin ang proletaryong partido mula sa loob. Sa tulong ng imperyalistang opensiba sa ideolohiya, tinapos ng sumunod na mga rehimen ang nasimulan ni Krushchev hanggang ganap nang magkawatak-watak at malusaw ang USSR noong maagang bahagi ng dekada 1990.

Bagamat wala na ang USSR, ipinagpapatuloy ng mga kilusang manggagawa at mga makabayang kilusan sa iba't ibang bansa ang pakikibaka laban sa imperyalismong US na siyang pangunahing salot sa daigdig ngayon. Gumagabay at nagbibigay ng inspirasyon ang dakilang mga aral ng Rebolusyong Oktubre sa mamamayan ng iba't ibang bayan na lumalaban sa imperyalismo. AB

## Paglahok sa eleksyon para sa parlamento ng Tsar

SA PAGDIRIWANG ng sentenyal ng Rebolusyong Oktubre, makabuluhan para sa Partido Komunista ng Pilipinas na pag-aralan ang karanasan ng mamamayan sa paglahok sa eleksyon sa Russia noong 1912. Sa pamumuno ng Sosyal-Demokratikong Partido ng Paggawa ng Rusya, lumahok sila sa eleksyon sa Duma, ang noo'y parlamento ng Russia.

Bagamat natanto ng kanilang partido na kontrolado ng naghaharing uri ang parlamento, minabuti nilang lumahok upang hindi maibigay sa mga kontra-mamamayan ang mga pwestong nakalaan para sa kinatawan ng mga manggagawa. At sa kabila ng malakas na panunupil at pandaraya sa eleksyon upang hindi makaboto ang mga organisadong manggagawa, nagawa pa ring ipanalò ang anim na kinatawan matapos ang serye ng malawakang protesta laban sa pandaraya.

Kontrolado ng tsar at ng mga naghaharing uri ang Duma. Ginamit nila ang mga organisasyong Liga ng Mamamayang Ruso at Liga ni Miguel Arkanghel na kumakatawan sa mga panginoong maylupa at gumagamit ng mga elementong lumpen at maton na nandarahas kaya binansagan ng mamamayan na "Black Hundreds". Naroon din ang mga partidong nagkukunwaring kritikal sa tsar at nagsisilbi diumano sa mamamayan ngunit hindi naman kumikilos kung minamasaker na ang nag-

wewelgang mga manggagawa.

Ngunit nagpursigi ang mga nahalal na kinatawan upang gamitin ang Duma na entablado ng malawakang pagmumulat sa mamamayan sa kabuluhan ng gubyerno ng tsar at mahimok silang kumilos at mag-organisa ng sarili. Higit sa lahat, masigasig silang lumahok sa mga pangmasang pagkilos sa labas ng parlamento, at nilalapitan sila ng iba pang manggagawa, unyonisado at hindi.

Ang bawat panunupil sa kanila sa loob ng Duma ay sinasagot ng malawakang kilos protesta at mga welga ng manggagawa sa labas. Nakipagtulungan din sila sa ibang grupo sa loob ng Duma upang maglunsad ng iba't ibang kilos protesta sa loob ng Duma, tulad ng pagputol sa talumpati ng punong ministro at tagapangulo sa badyet at ang *walk-out* laban sa pagtalakay ng badyet sa digmaan.

Hindi pinahintulutan ng Duma na maaprubahan ang mga panukalang batas ng mga kinatawan tulad ng batas sa walong-oras na paggawa at sa reorma sa lupa. Madalas ay pinatitigil ang mga kinatawan sa gitna ng kanilang pagtatalumpati, lalo na kung ang kanilang paksa ay tungkol sa panunupil at masaker sa mga manggagawang nagwewelga. Bago matapos ang kanilang termino ay ikinulong sila dahil sa pagtutol sa mga patakaran ng tsar.

Ang matapang at pursigong pagsisikap ng mga kinatawan ng manggagawa sa Duma ay nakatulong sa pagpapalawak at pagpapatatag ng kilusang manggagawa na sa kalauna'y naging namumuno at pangunahing pwersa sa pagpabagsak ng tsar noong Pebrero 1917. Sa pagbagsak ng tsar, nakalaya ang mga kinatawan. **AB**

## Dalawang aspeto ng US: Kapangyarihan at krisis

*Ito ang huli sa serye ng limang artikulo hinggil sa dokumentong National Security Strategy (NSS) na inilabas ng gubyernong Obama ng US noong Pebrero 2015.*



**U**miiral ngayon ang dalawang aspeto ng US. Sa isang panig, nanatili itong pinakamakapangyarihang imperyalista sa buong mundo. Sa kabilang panig, sadlak ito sa di malutas-lutas na krisis at nasa pangkalahatang yugto ng paghina.

### Pinakamalakas na imperyalistang kapangyarihan

Ibinabando ng gubyernong Obama sa NSS: "Mamumuno tayo nang may lakas. Matapos ang mahirap na dekada, araw-araw na nagtitipon ng lakas ang Amerika. Ang ekonomya ng US ay nananatiling isa sa pinakadina-miko at pinakamatibay sa mundo. Nakabawi tayo mula sa pandaigdigang resesyon sa pamamagitan ng paglikha ng mas maraming hanapbuhay sa United States kaysa sa pinagsamasama na sa lahat ng ibang abanteng ekonomya. Walang karibal ang ating lakas militar."

Nananatiling pinakamakapangyarihang pwersang militar ang US. Ang taunang badyet nitong mahigit \$700 bilyon ay katumbas ng pinagsama-samang badyet ng kasunod na 14 na bansa. Pinananatili ng US ang presensyang militar nito sa buong mundo sa pamamagitan ng lambat ng halos 1,000 baseng militar, mga barkong pandigma at humigit-kumulang kalahating milyong tropang Amerikano na nakapakat sa 148 bansa. Kinokontrol nito ang mayor na mga rutang pangkalakalan sa dagat.

Ipinapataw ng imperyalismong US ang mga patakarang neoliberal sa buong mundo. Ginagamit nito ang kanyang nakapangyayaring impluwensya sa International Monetary Fund (IMF), World Bank, World Trade Organization (WTO), Asia-Pacific Economic Cooperation at iba pang mayor na institusyon pampinansya o mga "kasunduan para sa malayang kalakalan" para itulak ang mga patakaran sa Washington Consensus at ang lakas ng dolyar sa kalakalan at pamumuhunan.

Patuloy na nakapagkakamal ng

supertubo ang US sa pamamagitan ng pagsasamantala sa mga manggagawa at anakpawis kapwa sa loob ng US at sa iba't ibang panig ng mundo. Tuluy-tuloy nitong tinutulak ang pagbabaklas ng mga balakid para mahila nito ang halaga ng lakas-paggawa sa China, sa Pilipinas at iba pang bansa; para makapandambong ito ng mineral at iba pang likas na yaman; at para malaya itong makapaglagak at mabilis na makapaglipat-lipat ng puhunan saan man bentahe sa kanila para sa maksimum na tubo.

### Estratehikong paghina

Habang nananatiling pinakamakapangyarihan, ang imperyalismong US ay nasa tunguhin ng estratehikong paghina mula pa noong dekada 1970 sa paglitaw ng problema ng istagplasyon na sinundan ng serye ng mga papalubha at mas nagtatagal na mga krisis sa ekonomya. Labis-labis ang gastusing militar nito kasabay ng pagdanas ng malaking pagkabigo sa inilunsad nitong digmang agresyon sa Vietnam.

Ang pangkalahatang tunguhing paghina na ito ng US ay pansamantalang natabunan ng sumidhing krisis at panlipunang kaguluhan sa mga bansang nasa ilalim ng mga gubyernong rebisyunista noong dekada 1980. Lalo pang nagmistulang babangon na ang US nang naiwan itong natatanging *superpower* matapos gumuho ang Soviet Union noong 1991. Kasabay ng proseso ng panunumbalik ng kapitalismo sa China mula katapusan ng dekada 1970, nabigyan ng malaking luwag sa krisis ang mga monopolyo-kapitalistang Amerikano para sa ekspansyon ng



kanilang pamilihan, pagkukunan ng hilaw na materyales at pagsasamantalang murang lakas-pagga-wa. Ibayong itinulak ng US ang globalisasyong neoliberal, katuwang ang China, pati na ang GATT/WTO. Pinaigting din ng US ang mga gerang agresyon nito simula noong dekada 1990 laban sa Iraq, Afghanistan at Yugoslavia at laluna na noong dekada 2000.

Gayunman, hindi napahinto ng mga ito ang tuluy-tuloy na paghina ng US bilang isang kapitalistang kapangyarihan. Sa nakaraang tatlong dekada, ang ekonomya ng US ay hindi na makabuluhang lumago at humarap sa papadilas at papalaking krisis. Bawat isang mas malalang krisis ay sumusunod sa isang bulang pampinansya tulad ng "dotcom boom" noong katapusan ng dekada 1990 at ang "housing bubble" noong maagang bahagi ng dekada 2000. Ang pagbagsak ng mga pamilihing pampinansya noong 2008 kasunod ng krisis sa pagbabayad ng *mortgage* ay humantong sa nagtatagal na resesyon na pinakamalala mula noong dekada 1930.

Noong 2014, ang utang ng US ay lagpas sa \$18 trilyon, higit sa taunang Gross Domestic Product ng US. Huling beses na mas malaki ang utang ng US kumpara sa GDP nito ay noon pang resesyon pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig. Pinakamalaking pinagkakautangan ng US ang Japan at China sa anyo ng mga US Treasury Bills.

### Panlipunang krisis sa US

Ang ipinagmamalaki ni Obama sa kanyang NSS na masiglang ekonomya ng US at mainam na kalagayan ng mamamayang Amerikano ay pawang buladas lamang. Nasasadlak ang US sa isang malalim na panlipunang krisis. Ang masang manggagawa at masang anakpawis sa US ay dumaranas ng masisidhing problema ng disempleyo, mababang kita at nagtataasang presyo ng mga bilihan, kawalan ng

bahay, rasismo, panunupil, paniniktik at pasistang paghihigpit ng estado. Sila rin ang pangunahing bumabalikat ng panlipunang epekto ng inilulunsad na mga gerang agresyon ng US.

Mula 4.62% noong 2007, ang upisyal na tantos ng disempleyo sa US ay umabot sa 7.35% noong 2013. Subalit malaking bahagi ng mga manggagawang Amerikanong walong hanapbuhay ay hindi na isinasama sa bilang. Ang tinaguriang "labor force participation rate" o bilang ng mga manggawa na may hanapbuhay o aktibong naghahanap ng trabaho ay nasa 63.2% lamang, pinakamababa sa nakaraang 35 taon. Kung isasama ang mga manggagawang hindi na aktibong naghahanap ng hanapbuhay, tinataya ng ibang independyenteng mananaliksik na ang aktwal na tantos ng disempleyo sa US noong Hulyo 2015 ay nasa 23%, pinakamataas sa nagdaang apat na dekada.

Ang upisyal na tantos ng kahirapan sa US ay nasa 16.1% (50 milyong Amerikano). Isa sa bawat pitong batang Amerikano ang nabubuhay sa kahirapan. Nasa 1.65 milyong pamilya (kabilang ang tatlong milyong bata) ang nabubuhay sa kulang sa \$2 kada araw (kategorya ng UN ng naghihirap). Kabilang sa dumaranas ng kahirapan ang mga manggagawang tumatanggap ng minimum na sahod. Kalakhan ng mga manggagawang Amerikano ay sumasahod lamang ng \$10 kada oras, mas mababa sa itinakdang hangganan ng kahirapan para

sa apat-kataong pamilya.

Ang mga benepisyong panlipunan (kalusugan, edukasyon at pensyon sa pagreretiro) ay kinakaltsan. Noong 2012, umabot sa 80 milyong Amerikano o 43% ng populasyon ng US, ang hindi nabigyan ng atensyong medikal dahil hindi nila kaya ang gastusin. Taun-taon, mahigit isang milyong estudyante ang nalalaglag sa hayskul. Mula 25% noong 2003, umabot sa 43% ang mga 25-taong gulang na kabataan na lubog sa *student loan* (inutang na matrikula at ibang gastusing pang-edukasyon.) Noong 2000-2011, lumaki nang 50% ang utang ng mga karaniwang pamilyang Amerikano.

Ibayong ginagamit ang sistema ng mga bilanguan laban sa mamamayang Amerikano. Umaabot sa 2.2 milyon ang nakakulong sa US. Ito ang bansang may pinakamalaking bilang ng preso. Binubuo nito ang mahigit 20% ng kabuuang bilang ng mga bilanggo sa buong mundo. Bukod pa rito ang 4.5 milyong nakapyan sa o nasa *probation*. Isa sa bawat 35 na nasa edad na Amerikano ang dumanas ng pagkakulong.

Ang mga batas at bilanguan ay sistematikong ginagamit laban sa masang anakpawis, laluna laban sa mga itim at mga latino. Sa New York, tulad sa maraming lugar, 80% ng mga sinisita ng pulis sa kalsada (kahit walang indikasyong naimbwelto sa krimen) ay mga itim at minority.

Malubha ang di pagkakapantay-pantay. Habang laganap ang kahirapan, lalo namang nakokonsentra ang yaman sa mga naghaharing uri. Lumaki nang 30% ang pag-aari ng pinakamayamang 400 indibidwal sa US (mula \$1.7 tungong \$2.2 trilyon) noong 2012-2013. Ang yaman ng nasa tuktok na 1% ay katumbas ng pag-aari ng 100 milyon. Ang 95% ng dagdag na kita noong 2009-2014 ay nakuha ng nangunang 1%. AB

